EMPLOYMENT ONTARIO
Ontario's employment & training network

Ontario

Mga Programang Espesyal para sa Pagtuturo ng Pagsasanay sa Trabaho

Ano ang mga programa at serbisyong maaring kunin?

Ang Programa ng Pagtuturo bago Pagsasanay sa Trabaho

Ang Programa ng Pagtuturo bago Pagsasanay sa Trabaho (Pre-Apprenticeship Training Program) ay ginawa para maglagay ng tulay sa puwang na nasa mga pangangailan na kabihasnan ng mga pinaglilingkuran at sa pag-aaral at karanasan ng mga taong naghahanap ng trabaho. Ang programa ay tumutulong sa mga bagong pasok na potensyal sa sistema ng pagsasanay sa trabaho para mabuo ang kanilang mga kabihasnan sa trabaho at ang kanilang paghanda sa kalakal para maging handa sila sa paghanap ng trabaho bilang aprentis.

Ang mga programa ay hanggang 40 linggo sa haba at kasama ang Level 1 ng pagtuturo sa pagsasanay sa trabaho sa eskuwel, pagtuturo sa kaligtasan na may kaugnayan at 8-linggo man lang para sa paglagay sa trabaho. Ang mga programa ay maaring may kasamang paghahanda para sa kalakal, paghahanda para sa trabaho at pagtataas ng titulong akademik.

Walang gastos para makasali sa isang Programa ng Pagtuturo bago Pagsasanay sa Trabaho. At saka, ang halaga ng mga libro, kasangkapan para walang peligro at mga kagamitan ay kasama rin.

Sino ang puweding sumali?

Ang Programa sa Pagtuturo bago Pagsasanay sa Trabaho ay bukas para sa isang malawak na hanay na kliyente na kasama ang:

- Mga taong tapos ng mataas na pamantasan
- Mga taong maagang umalis sa eskuwel
- Mga taong walang trabaho/ang mga matatanda at kabataan na nagtratrabaho ng bahagi lamang
- EI/ang mga taong walang karapatan sa EI
- Mga taong katutubo
- Mga taong baguhan sa Canada

Nota: Ang mga tiyak na programa ay maaring siguradong mayroon pamantayan para maging karapatdapat ang isang tao.

Papaano ako makakakuha ng Programa para sa Pagtuturo bago Pagsasanay sa Trabaho?

Ang mga programa para sa Pagtuturo bago Pagsasanay sa Trabaho ay inaalok ng iba't ibang samahan, kagaya ng mga kolehiyo, mga aprobadong nagbibigay ng pagsasanay sa trabaho, mga ahensiya sa komunidad, at sa iba't ibang panahon sa buong taon. Ang mga taong interesado sa pagsali sa isang Programa para sa Pagtuturo bago Pagsasanay sa Trabaho ay puweding mag-aplay deretso sa mga samahang nagbibigay ng pagsasanay. Para alamin ang tungkol sa mga alok na programa na pampook, ang mga tao ay puweding makipag-alam sa Ministeryo.

Para sa higit na impormasyon:

1-800-387-5656
(416) 326-5656 (Toronto)

www.ontario.ca/employmentontario

ISBN 1-4249-2456-1